Protokol para sa mga Lugar ng Pagsamba: Apendiks F

Kamakailang mga Update:

7/01/20: Mangyaring tandaan na ang Gabay sa Industriya sa COVID-19 ng California para sa mga Lugar ng Pagsamba at mga Tagapagbigay ng mga Serbisyong Pangrelihiyon at mga Seremonyang Pangkultura ay in-update. Iklik dito para i-review ito.

7/09/20: Nagbigay ng karagdagang impormasyon tungkol sa mga benepisyo sa bakasyon ng empleyado at mga pagpapabuti sa sistema ng hangin at bentilasyon

7/16/20: In-update para sumunod sa Hulyo 13, 2020 na Utos na inilabas ng Utos ng Opisyal ng Pampublikong Kalusugan ng Estado na inaatasan ang pagsasara sa lahat ng mga panloob na operasyon ng Mga Lugar ng Pagsamba. Ang mga panloob na operasyon sa mga lugar ng pagsamba ay sarado sa publiko. Ang mga pampublikong aktibidad, kabilang ang mga serbisyo, kasal at libing, ay maaaring patuloy na isagawa sa labas sa mga nasasakupang mga lugar ng pagsamba bilang pagsunod sa nirebisang protokol na ito o sa birtuwal na pamamaraan, gamit ang site o iba pang lokasyon bilang seting.

7/17/20: Nagbigay ng karagdagang impormasyon tungkol sa mga pantakip ng mukha at mga pagsusuri sa sintomas ng empleyado at bisita.

Ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County ay magpapatupad ng isang niyugtuang pamamaraan, na sinusuportahan ng siyensya at kaekspertuhan sa pampublikong kalusugan, para pahintulutan ang mga lugar ng pagsamba na muling makapagbukas nang ligtas. Sa pagkakaugnay sa Hulyo 1, 2020 na COVID-19 Gabay sa Industriya para sa mga Lugar ng Pagsamba at mga Tagapagbigay ng mga Serbisyong Pangrelihiyon at mga Seremonyang Pangkultura at ang Hulyo 13, 2020 na Utos na inilabas ng Opisyal ng Pampublikong Kalusugan ng Estado bilang tugon sa tumaas na paglaganap ng COVID-19 sa buong estado, ang Protokol na ito ay nagbibigay ng gabay para sa mga lugar ng pagsamba at tagapagbigay ng mga serbisyong pangrelihiyon at mga seremonyang pangkultura (itinuturing bilang kabuuan na mga “lugar ng pagsamba”) upang sumuporta sa isang ligtas at malinis na kapaligiran para sa mga empleyado, interno at mga trainee, boluntaryo, iskolar, at iba pang uri ng manggagawa (itinuturing bilang kabuuan na mga “kawani”) gayundin sa mga dumadalo, nagsasamba, bisita, atbp. (itinuturing bilang kabuuan na mga “bisita” o “dumadalo”). Dagdag pa sa mga kondiysong ipinatutupad sa mga bahay ng pagsamba ng Opisyal ng Pampublikong Kalusugan ng Estado, ang mga lugar ng pagsamba ay dapat ding sumunod sa mga kondisyon na inilalatag ng Protokol para sa mga Lugar ng Pagsamba.

Mangyaring tandaan: Ang Protokol na ito ay hindi nag-oobliga sa mga lugar ng pagsamba na ipagpagtuloy ang anumang personal na mga gawain. Dagdag pa rito, lubos na inirerekumenda sa mga lugar ng pagsamba na ipagpatuloy ang mga pang-malayuang serbisyo at iba pang mga kaugnay na gawain para sa mga bulnerable sa COVID19 kasama na ang mga nakatatanda at iyong mga may malulubhang sakit.

Ang Protokol na ito ay hindi para sa mga paghahanda ng pagkain at serbisyo, pag-deliver ng mga gamit o bagay para sa mga nangangailangan, serbisyo sa pangangalaga ng bata at daycare, mga paaralan at mga gawaing pang-edukasyon, pagbibigay pangangalaga, pagpapayo, pagtatrabaho sa opisina, at iba pang gawain na maaaring ibinibigay ng mga lugar ng pagsamba o mga organisasyon na ito.

Ang Protokol na ito ay maaaring magbago kung sakaling may mga karagdagang impormasyon at magagamit ang mga mapagkukunan kaya tandaan na laging tumingin sa website ng Los Angeles County http://www.ph.lacounty.gov/media/Coronavirus/ para sa anumang pagbabago sa dokumentong ito. Tandaan rin na ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng California ay magsasagawa ng isang pagsusuri para tasahin ang epekto ng Utos ng Estado at ng mga protokol na ito 21 araw pagkatapos ng petsa ng Utos ng Opisyal ng Pampublikong Kalusugan ng Estado.

Ang checklist na ito ay sumasakop sa mga:

(1) Patakaran at mga kasanayan sa mga lugar ng trabaho upang maprotektahan ang kasulugan ng mga kawani
(2) Mga hakbang upang masiguro ang pisikal na pagdidistansiya
(3) Mga hakbang upang masiguro ang pagkontrol sa impeksyon
(4) Pakikipag-usap sa mga kawani, bisita, at sa mga dumadalo
(5) Mga hakbang upang masigurado ang pantay-pantay na akses sa mga kritikal na serbisyo

Ang limang pangunahin na aspetong ito ay dapat na matugunan habang ipinatutupad ng iyong pasilidad ang kanyang mga protokol sa mga lugar ng pagsamba.

Lahat ng mga entidad na sakop ng gabay na ito ay dapat na ipatupad ang lahat ng mga naaangkop na hakbang na nakalista sa ibaba at maging handa na ipaliwanag kung bakit hindi ipinatupad ang isang hakbang na hindi naaangkop sa lugar.

Pangalan ng Lugar ng Pagsamba: _____

Adres ng Pasilidad: _____

Pinakamaraming Pinahihintulutan Bilang ng Tao, ayon sa Fire Code: _____

Tinatayang kabuuang kuwadrado talampakan ng lugar na ginagamit ng mga bisita at dumadalo para sa mga serbisyo: _____

Sa mga sumusunod na protokol, ang terminong “kawani” ay tumutukoy sa mga empleyado, interno at trainee, buluntaryo, iskolar, at iba pang mga indibidwal na nagtatrabago sa lugar. Ang terminong “bisita” naman ay tumutukoy sa kongregasyon, sumasamba, at mga kasapi ng publiko na naroon sa inyong lugar bilang mga bisita. Ang terminong “lugar’ at “bahay pagsamba” ay kapwa tumutukoy sa gusali kung saan nagaganap ang pagsamba at anumang mga katabing gusali o nasasakupang lupa kung saan ginagawa ang mga pinahihintulutang gawain ng kongregasyon.

A. MGA PATAKARAN AT KASANAYAN SA MGA LUGAR NG TRABAHO UPANG MAPROTEKTAHAN ANG KALUSUGAN NG MANGGAGAWA (KAWANI) (I-TSEK ANG LAHAT NG NAAANGKOP SA PASILIDAD)

- ☐ Ang mga kawani na kayang gawin ang kanilang mga tungkulin mula sa bahay ay inatasan na gawin ito.
- ☐ Ang mga bulnerableng kawani (iyong mga mas matanda pa sa 65 taong gulang, iyong mga may malalang kondisyon ng kalusugan) ay binigyan ng trabaho na maaaring gawin sa bahay hanggat maaari.
- ☐ Lahat ng mga empleyado ay sinabihan na huwag magpunta sa trabaho kung sila ay may sakit at sumunod sa gabay ng DPH sa pagbubukod sa sarili kung naaangkop.
- ☐ Impormasyon sa mga benepisyo ng bakasyon na itinaguyod ng amo/employer o gobyerno na maaaring makuha ng empleyado na gagawing pinansyal na mas madali ang pananatili sa bahay. Tingnan ang karagdagang impormasyon sa mga programa ng gobyerno na sumusuporta sa

bakasyon dahil sa pagkakasakit at kompensasyon ng manggagawa para sa COVID19, kabilang ang mga karapatan ng empleyado sa mga bakasyon dahil sa pagkakasakit sa ilalim ng Families First Coronavirus Response Act at mga karapatan ng empleyado sa mga benepisyong kompensasyon ng manggagawa at pagpapalagay ng pagiging may kaugnayan sa trabaho ng COVID-19 alinsunod sa Executive Order N-62-20 ng Gobernador.

- ❑ **Lahat ng mga proseso sa trabaho ay isinaayos sa pinakaposibleng paraan upang ang mga empleyado ay makapagtrabaho mula sa bahay.**
- ❑ Kung naipaalam na isa o higit pang mga manggagawa/praktista, independiyenteng kontratista at/o pansamantalang manggagawa ay positibo o may sintomas na katulad ng COVID-19 (kaso), ang amo o employer ay may plano o protokol na isasaayos upang ang (mga) kaso ay maibukod ang kanilang mga sarili sa bahay at mangailangan ng pag-quarantine sa sarili (self-quarantine) ang lahat ng mga empleyado na nagkaroon ng pagkakalantad sa (mga) kaso sa lugar ng trabaho (workplace). Ang plano ng amo o employer ay dapat na isaalang-alang ang isang protokol para sa lahat ng mga empleyado na na-quarantine na magkaroon ng akses sa o masuri para sa COVID-19 nang sa gayon ay matukoy kung mayroon pang karagdagang mga pagkakalantad sa lugar ng trabajo, na maaaring kailanganin ng karagdagang mga hakbang sa pagkontrol ng COVID-19. Tingnan ang gabay ng pampublikong kalusugan sa pagtugon sa COVID-19 sa lugar ng trabaho.
- ❑ Ang mga pag-iiskrin sa empleyado ay isinasagawa bago maaaring makapumasok sa espasyo ng trabaho ang mga empleyado. Ang mga pagsusuri ay dapat isama ang pag-check-in (check-in) tungkol sa ubo, pangangapos ng hininga, kahirapan sa paghinga at lagnat o panggiginaw, at kung ang empleyado ay nagkaroon ng pakikisalamuha o kontak sa isang tao na nahawaan ng COVID-19 sa huling 14 na araw. Ang mga pagsusuring ito ay maaaring gawin nang malayuan (remotely) o personal sa pagdating ng empleyado. Isang pagsusuri sa temperatura ay dapat din gawin sa lugar ng trabaho kung magagawa.

- ❑ Sa kaganapan na 3 o higit pang mga kaso ay natukoy sa loob ng lugar ng trabaho (kabilang ang mga kaso sa mga kawani at/o dumadalo) sa tagal na 14 na araw, ang amo o employer ay dapat na iulat ang kumpol na ito sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan sa (888) 397-3993 o (213) 240-7821. Kung ang isang kumpol ay kinilala sa lugar ng trabaho, ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ay pasisimulan ang isang pagtugon sa kumpol na kinabibilangan ng pagkakaloob ng gabay at rekomendasyon sa pagkontrol ng impeksyon, suportang teknikal at partikular sa lugar na mga hakbang sa pagkontrol. Isang tagapamahala sa kaso ng pampublikong kalusugan ay itatalaga sa imbestigasyon ng kumpol upang tulungan ang pagtugon ng pasilidad.
- ❑ Ang mga empleyado na may pakikisalamuha o kontak sa ibang mga tao ay inaalok, nang walang gagastusin, ng isang naaangkop na pantakip ng mukha na tumatakip sa ilong at bibig. Ang pantakip ay dapat na isuot ng empleyado sa araw ng trabaho kapag nakikisalamuha o malamang na makisalamuha sa ibang mga tao. Ang mga empleyado na inutusan ng kanilang medikal na tagapagbigay (medical provider) na hindi sila dapat magsuot ng isang pantakip ng mukha ay dapat na magsuot ng panangga ng mukha (face shield) na may maluwag na tela sa ibabang dulo, para sumunod sa mga direktiba ng Estado, hangga't ang kanilang kondisyon ay pinahihintulutan ito. Isang maluwag na tela na akma sa ilalim ng baba ay mas mainam. Ang mga maskara (mask) na may mga isang paraan balbula ay hindi dapat gamitin. Ang mga empleyado ay hindi kailangan magsuot ng isang pantakip ng mukha kapag ang empleyado ay mag-isa sa isang pribadong opisina o kubiko na may solidong partisyon o panghiwalay na lagpas sa taas ng empleyado kapag nakatayo.
- ❑ Ang mga empleyado ay inatasan na labahan o palitan araw-araw ang kanilang mga pantakip ng mukha.
- ❑ Ang nararapat na gamit na pamproteksyon sa sarili, kabilang ang pamproteksyon sa mata at guwantes kung kinakailangan, ay ibinigay sa kawani na nakaatas na labahan ang mga relihisyosong kasuotan at mga linen, mga takip sa upuan o sahig, o iba pang mga tela na ginamit sa

serbisyo at mga seremonya.

- ❑ Ang mga kawani ay inatasan na labahan araw-araw ang kanilang mga pantakip ng mukha.
- ❑ Ang lahat ng lugar ng trabaho ay dapat na nakahiwalay nang hindi bababa sa anim na talampakan o gamit ang mga partisyon o panghiwalay.
- ❑ Ang mga pangkaraniwang lugar, kasama ang mga palikuran, at iba pang mga lugar na ginagamit lamang ng kawani ay dinidisimpekta nang madalas, ayon sa sumusunod na iskedyul:
  - ❑ Lugar ng pagpasok/lobby _____
  - ❑ (Mga) pasilyo: _____
  - ❑ Mga Silid para sa Pagpupulong _____
  - ❑ Mga Pinagsasaluhan Lugar ng Trabaho _____
  - ❑ Mga Silid sa Panandaliang Pamamahinga _____
  - ❑ Mga Hagdanan _____
  - ❑ Mga Elevator _____
  - ❑ Mga Palikuran/Banyo _____
  - ❑ Iba pa _____
- ❑ Ang mga kawani ay pinagbawalan na kumain o uminom saanman sa loob ng pasilidad maliban sa mga itinalagang mga lugar kainan upang masigurado na ang mga maskara ay tama at palaging suot.
- ❑ Ang mga pandisimpekta at iba pang kaungay na suplay ay makukuha ng mga kawani sa mga sumusunod na (mga) lokasyon:

  _____
- ❑ Ang mga panlinis ng kamay (hand sanitizer) na epektibo laban sa COVID-19 ay makukuha ng mga kawani sa mga sumusunod na (mga) lokasyon:

  _____
- ❑ Ang mga kawani ay pinapayagan na magkaroon ng madalas na pagtigil sa trabaho para makapaghugas ng kamay.
- ❑ Ang mga kawani ay inutusan na huwag magsagawa ng mga pambahay o labas sa lugar na pagbisita sa sinumang nasuri na positibo o nagpapakita ng sintomas ng COVID-19 maliban na lamang kung ang indibidwal na iyon ay nakumpleto ang kinakailangang panahon sa pagbubukod sa sarili o pag-quarantine sa sarili.
- ❑ Isang kopya ng protokol na ito ay naipamahagi sa bawat kawani.
- ❑ Ang bawat kawani ay binigyan ng kanilang sariling mga kasangkapan, kagamitan at tukoy na puwesto ng trabaho. Ang pagsasalo ng mga hinahawakang gamit ay nabawasan o inalis na.
- ❑ Lahat ng patakaran na nakasaad sa listahan na ito maliban sa may kaugnayan sa pagtatakda sa pagtatrabaho ay ipinatutupad sa mga kawani na naghahantid (delivery) at iba pang kompanya na maaaring nasa lugar bilang mga third party.

❑ Opsyonal — Isalarawan ang iba pang mga hakbang:

_____

B. MGA HAKBANG UPANG MASIGURO ANG PISIKAL NA PAGDIDISTANSIYA

- ❑ Ang mga panloob na serbisyong pangrelihiyon at mga seremonyang pangkultura sa mga lugar ng pagsamba ay ipinagbabawal hanggang sa karagdagang abiso ng Utos ng Opisyal ng Pampublikong Pangkalusugan. Ang mga alternatibong opsyon ay maaaring gamitin para sa mga pampublikong serbisyong pangrelihiyon at mga kaganapang pangkultura. Ang mga opsyon na ito ay ang :
  - ❑ Mga serbsiyo at kaganapan na isinasagawa sa labas bilang pagsunod sa mga kinakailangan sa pagkontrol ng impeksyon at pisikal na pagdistansya.
  - ❑ Mga serbisyo at kaganapan ay isinasagawa nang birtuwal sa pamamagitan ng live streaming o taping para sa kalaunang brodkast.
    - Tandaan na ang panloob na espasyo sa lugar ng pagsamba ay maaaring gamitin bilang ang seting para sa mga serbisyo at kaganapan na isinasagawa nang birtuwal, hangga't ang mga kinakailangan sa pagkontrol ng impeksyon at pisikal na pagdistansya ay nasusunod at hindi higit sa 10 indibidwal ang lumalahok sa mga proseso ng produksyon at brodkast.
  - ❑ Paggamit ng panloob na espasyo sa lugar ay limitado sa kawani na nagsasagawa ng hindi pampubliko o birtuwal na mga aktibidad.
- ❑ Naipatupad na ang mga hakbang para itaguyod ang pisikal na pagdistansya sa mga panlabas na kaganapan.
  - ❑ Naipatupad na ang mga hakbang (maagang rehistrasyon, pagbibilang sa mga dadalo sa punto ng pasukan) para masiguro na ang pagdalo ay hindi lalagpas sa bilang ng tao na maaaring tanggapin na may pisikal na pagdistansya sa mga panlabas na kaganapan.
  - ❑ Ang mga paradahan ay isinaayos upang malimitahan ang mga lugar ng pagtitipon at masiguro ang sapat na pag-aagwat (halimbawa, pagsasara ng bawat ikalawang espasyo).
  - ❑ Kung ang serbisyong drive-in ay iaalok, ang mga sasakyan ay uutusan na pumarada na may layo nang hindi bababa sa 6 na talampakan ang agwat.
  - ❑ Ang malilinaw na daraanan ay tinukoy na sa pagitan ng mga paradahan at iba pang mga punto ng pagdating at ang lugar sa nasasakupang lupain kung saan ang serbisyong pangrelihiyon o seremonyang pangkultura ay ginaganap para mabawasan ang pagsisikip, magpahintulot para sa pagsusubaybay ng pag-okupa at mag-iwan ng lugar para sa mga pagsusuri ng sintomas habang ang mga kawani at bisita ay pumapasok.
  - ❑ Isang kawaning tao (o kawaning mga tao kung may higit sa isang daraanan) na may suot na isang telang pantakip ng mukha ay nakapuwesto sa simula ng daraanan ngunit hindi bababa sa 6 na talampakan ang layo mula sa pinakamalapit na dumarating o umaalis na tao para i-monitor ang paggamit ng mga pantakip ng mukha at subaybayan ang pag-okupa o dami ng tao.
  - ❑ Ang mga pinahihintulutang kaganapang pangrelihiyon at seremonyang pangkultura ay isinaayos para pahintulutan ang inaatas na 6 na talampakang espasyo sa pagitan ng sinumang 2 tao.
    - Ang mga esksepsyon lamang dito ay ang dalawang tao na bumubuo ng pares na ikakasal o mga miyembro ng iisang sambahayan, na maaaring dumalo nang magkakasama sa anumang kaganapan at nauupo nang magkakasama bilang isang yunit kung pahihintulutan ng kanilang relihiyon.
  - ❑ Kung ang mga dadalo sa kaganapan ay dapat na maghintay sa linya bago maupo o sa anumang iba pang punto sa panahon ng kanilang presensya sa lugar, ang mga pananda ay ginagamit para ipakita ang inaatas na 6 na talampakang distansya sa pagitan ng mga indibidwal.

- ❑ Ang oras ng mga serbisyo at pagdiriwang ay pinaiksi upang mabawasan ang oras ng paglagi sa lugar.
- ❑ Ang mga panlabas na lugar ay isinaayos para pahintulutan ang pisikal na pagdistansya. Kung ang mga upuan, bangko o espasyo sa pagtayo ay ginagamit, ang mga pagsasaayos at pananda ay pinakikinabangan para pahintulutan ang 6 na talampakang espasyo sa pagitan ng mga indibidwal o pagitan ng mga grupo ng sambahayan at iba pang mga grupo o indibidwal ng sambahayan.
- ❑ Kung naaangkop, ang mga pasilyo sa loob ng lugar na ginagamit para sa mga panlabas na kaganapan ay itinalaga bilang isang paraan para suportahan ang pisikal na pagdistansya.
- ❑ Ang mga podium, entablado, at iba pang lugar para sa tagapagsalita ay isinaayos para mapahintulutan ang layong 6 na talampakan sa pagitan ng tagapagsalita o mga nagdiriwang.
- ❑ Ang mga kawani ay inatasan na panatilihin ang 6 na talampakang layo mula sa isa't isa sa lahat ng bahagi ng lugar.
- ❑ Ang birtuwal na akses ay iniaalok sa mga bisita na nais makilahok sa mga serbisyo o kaganapan ngunit mataas ang panganib kung malalantad sa COVID-19.

❑ Ang mga pagsasaayos ay nasa lugar na upang ang mga palikuran o banyo ay ligtas na magagamit ng mga dadalo sa mga panlabas na kaganapan. Ang lugar ay maaaring piliin na magkaloob ng naililipat na mga pasilidad sa panlabas na banyo at paghuhugas ng kamay, at/o gawing magagamit ang mga panloob na palikuran. Kung ang mga panloob na pasilidad ay magagamit, ang mga sumusunod na pag-iingat ay nakapuwesto na:

- ❑ Isang tukoy na ruta ay minarkahan mula sa panlabas na lugar na ginagamit para sa kaganapan papunta sa panloob na lokasyon ng mga palikuran.
- ❑ Teyp o iba pang mga pananda ay ginagamit para matiyak ang pisikal na pagdistansya kung ang mga dadalo ay dapat na pumila para makagamit ng mga palikuran o banyo.
- ❑ Ang mga dadalo ay hinihikayat na gumamit ng mga palikuran o banyo kung kailangan lamang habang ginaganap ang serbisyo o kaganapan para maiwasan ang pagsisikip sa huli.
- ❑ Ang mga pasilidad ng palikuran o banyo ay nasa mabuting gumaganang ayos at nalagyan ng sapat na sabon at minsanang gamit na mga tuwalya para pahintulutan ang inaatas na paghuhugas ng kamay.
- ❑ Ang mga pasilidad ng palikuran o banyo ay isinaayos para pahintulutan ang pisikal na pagdistansya sa labas ng mga napaderang kubiko.
- ❑ Ang isang kawaning tao (o kawaning mga tao kung may higit sa isang panloob na opsyon ng palikuran) na may suot na telang pantakip ng mukha ay nakapuwesto sa pasukan sa palikuran ngunit hindi bababa sa 6 na talampakan mula sa pinakamalapit na dumarating o umaalis na tao para i-monitor ang paggamit ng mga pantakip ng mukha at subaybayan ang pag-okupa o dami ng tao.

❑ Ang mga kawani ay inutusan na magpanatili ng hindi bababa sa 6 na talampakang distansya mula sa isa't isa sa lahat ng mga bahagi ng lugar, kabilang ang mga panloob na lugar ng trabaho.

❑ Kung naaangkop, ang kapasidad ng elevator ay ililimita sa apat na indibidwal o kaunti pa para sa mga elevator na hindi maaari ang 6 na talampakan na pisikal na distansiya sa bawat mananakay. Lahat ng mananakay ay kinakailangan na magsuot ng mga telang pantakip ng mukha. Isaalang-alang ang laki ng elevator, bilang ng palapag ng gusali, at ang bilang ng mga empleyado araw-araw upang makabuo ng mga gabay para sa pisikal na pagdidistansiya na nararapat para sa mga mananakay ng elevator.

❑ Kung naaangkop, ang mga hagdanan ay bubuksan para sa "itaas" o "ibaba" lamang na trapiko o galaw ng tao at madalas itong lilinisan.

❑ Ang mga puwesto ng trabaho sa mga opisina at iba pang lugar ay nakahiwalay nang hindi bababa ng 6 na talampakan at ang pangkalahatang mga lugar ay isinaayos upang malimitahan ang

pagtitipon ng mga kawani upang masigurado ang pisikal na pagdidistansiya na hindi bababa sa 6 na talampakan.

- ❑ Ang pag-okupa o dami ng tao sa mga palikuran ng mga kawani, mga silid para sa panandaliang pamamahinga, at iba pang mga karaniwang lugar ay nakalimita upang pahintulutan ang pisikal na pagdidistansiya.

C. MGA HAKBANG SA PAGKONTROL NG IMPEKSYON

- ❑ Ang sistema ng HVAC ay maayos na gumagana sa pinakaposibleng paraan. Ang bentilasyon ay dapat na pataasin sa pamamagitan ng pagbubukas ng mga pinto at bintana habang may pagtitipon.
- ❑ Isaalang-alang ang pagkakabit ng napakahusay na mga panglinis ng hangin, pag-upgrade sa mga filter ng hangin ng gusali sa pinakamahuhusay hangga't maaari, at ang paggawa ng iba pang mga pagpapabago para madagdagan ang hangin mula sa labas at bentilasyon sa lahat ng mga lugar ng trabaho.
- ❑ Ang mga kagamitan na hands-free o hindi kailangang gumamit ng kamay ay nakakabit kung saan maaari (kasama ang mga palikuran) upang bawasan ang panganib ng kontaminasyon.
- ❑ Ang mga pagsusuri sa síntomas ay isinasagawa bago ang mga dumarating na bisita kabilang ang mga nagtitipon para sa mga serbisyo o kaganapang pangrelihiyon ay maaaring makapasok sa pasilidad. Ang mga pagsusuri ay dapat masama ng isang pag-check-in tungkol sa ubo, pangangapos ng hininga, kahirapan sa paghinga at lagnat o panggiginaw. Ang mga pagsusuring ito ay maaaring gawin nang personal o sa pamamagitan ng mga alternatibong pamamaraan tulad ng mga sistema ng on-line check in o sa pamamagitan ng karatula na nakapaskil sa pasukan ng pasilidad na nagsasaad na ang mga bisita na may mga síntomas na ito ay hindi dapat pumasok sa lugar.
- ❑ Ang mga bisita na dumarating sa establisyemento ay pinaaalalahanan na magsuot ng pantakip ng mukha sa lahat ng oras (maliban habang kumakain o umiinom, kung naaangkop) habang nasa establisyemento o sa nasasakupang lupa ng establisyemento. Ito ay nalalapat sa lahat ng mga adulto at sa mga bata na 2 taong gulang at mas matanda pa. Ang mga indibidwal lamang na inatasan ng kanilang medikal na tapagbigay (medical provider) na huwag magsuot ng pantakip ng mukha ang hindi saklaw na magsuot nito. Para suportahan ang kaligtasan ng iyong mga empleyado at iba pang mga bisita, ang isang pantakip ng mukha ay dapat na magamit ng mga bisita na dumarating na wala nito.
- ❑ May mga karatula sa mga lugar na madali makita upang mapaalalahanan ang mga bisita na kinakailangan ang mga pantakip sa mukha habang nagaganap ang mga serbisyo at pagdiriwang maliban na lamang sa mga bata na mababa sa 2 taong gulang o mga indibidwal na hirap sa paghirap o iba pang may-panganib na kondisyon.
- ❑ May mga karatula sa mga lugar na madaling makita upang pigilan ang mga bisita na makipag-kamay, yumakap, o iba pang katulad na pagbati na maaaring may panganib ng kontaminasyon.
- ❑ Kung ang mga libro ng panalangin, mga basahan, o iba pang mga bagay na direktang nahahawakan sa mga serbisyo o seremonya, ang mga indibidwal ay inaatasan na magdala ng kanilang sariling mga gamit o mag-alok ng mga gamit na patapon (disposable ítems) sa mga lumalahok.
- ❑ Ang mga mikropono, stand, panindigan ng musika, mga instrumento at iba pang mga bagay na nasa mga pulpit o entablado ay dinidisimpekta sa bawat paggamit.
- ❑ Ang lugar ay itinigil na ang pagpapasa ng mga plato ng pag-aalok at iba pang katulad na bagay. Ang mga sistemang digital o mga kahon para sa koleksyon na hindi kailangang hawakan, o iba pang kagamitan ay ginagamit para sa pagkolekta ng mga kontribusyon.
- ❑ Ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng California ay nagpapatnubay na ang "mga aktibidad

tulad ng pagkanta at pag-awit ay kinokontra ang pagbawas sa panganib na natamo sa pamamagitan ng anim na talampakang pagdistansya" dahil sa isang pinataas na posibilidad para sa pagkakahawa mula sa mga kontaminadong maliliit na patak na nailalabas sa paghinga. Kung magagawa, ang mga aktibidad na ito ay dapat na gawin sa labas na may mas malaking pisikal na pagdistansya o sa pamamagitan ng mga alternatibong pamamaraan (tulad ng internet streaming) na nagtitiyak sa indibidwal na miyembro ng pagtitipon-tipon na isagawa ang mga aktibidad na ito sa kanilang sariling mga bahay. Mangyaring i-review ang na-update na Gabay sa Industriya ng Estado para sa mga Lugar ng Pagsamba at mga Tagapagbigay ng mga Serbisyong Pangrelihiyon at mga Seremonyang Pangkultura dito.

- ❑ Ang mga paglilingkod sa sarili na pagkain at inumin ay hindi inaalok.
- ❑ Kung nagsasagawa ng ilang serbisyo bawat araw, dapat magbigay ng patapon (disposable) na pantakip sa mga upuan. Ang patapon o nalalabahang mga punda ay ibinigay para sa mga unan na ginagamit na upuan sa sahig. Ang mga nalalabhang punda ay pinapalitan pagkatapos ng bawat paggamit.
- ❑ Ang mga relihiyosong kasuotan at mga linen ay nilalabahan pagkatapos ng bawat serbisyo o kaganapan sa pinakamataas na temperatura ng tubig na maaari.
- ❑ Ang mga puwesto sa trabaho at ang kabuuang pasilidad ay nilinisan nang hindi bababa sa araw-araw kapag ginagamit. Ang mga palikuran at mga bagay/lugar na madalas hawakan ay nililinisan nang mas madalas.
- ❑ Ang lugar ng pagsamba ay nakasara sa pagitan ng mga naka-iskedyul na kaganapan upang maiwasan kontaminasyon.
- ❑ Ang kawani na responsable sa paglilinis sa pagitan ng mga kaganapan o sa pagtatapos ng araw ay binabayaran sa oras sa paggawa ng tungkulin na ito kung hindi ito kabilang sa kanyang regular na trabaho.
- ❑ May mga karatula sa palikuran na nagpapaalala sa mga bisita na madalas na maghugas ng kamay sa loob ng 20 segundo.
- ❑ Ang mga pasilidad ng banyo ay dapat na maayos at may stock na extrang sabon, mga tuwalyang papel at hand sanitizer, at sinasanitize nang regular gamit ang mga pandisimpekta na aprubado ng EPA at alinsunod sa direksyon ng nagmamanupaktura ayon sa sumusunod na iskedyul:

  _____

- ❑ Ang hand sanitizer, mga tisyu, at tapunan ng basura ay dapat na maaaring magamit ng publiko sa pasukan at/o malapit sa pasukan ng pasilidad.
- ❑ Opsyonal — Isalarawan ang iba pang hakbang na nagsusulong sa pagkontrol ng impeksyon:

  _____

D. MGA HAKBANG SA PAKIKIPAG-USAP SA PUBLIKO

- ❑ Ang kopya ng protokol na ito ay nakapaskil sa lahat ng pampublikong pasukan papunta sa lugar.
- ❑ Ang mga online na sangay ng kongregasyon (website, social media, etc.) ay nagbibigay ng malinaw na impormasyon tungkol sa mga iskedyul, mga limitasyon sa pag-okupa o bilang ng tao, mga limitasyon sa pagparada, kinakailangang paggamit ng mga telang pantakip ng mukha, at mga opsyon para sa birtuwal na pakikilahok.

E. MGA HAKBANG UPANG MASIGURO ANG PANTAY-PANTAY NA AKSES SA MGA KRITIKAL NA SERBISYO

- ❑ Ang mga serbisyo na kritikal para sa mga dumadalo ay binigyang prayoridad.

- ❑ Ang mga serbisyo na maaaring gawin nang malayuan ay inilipat na online.
- ❑ May mga hakbang na ipinatupad para masigurado ang pagkatataon o akses sa mga serbisyo o pagdiriwang para sa mga dumadalo na may mga limitasyon sa pagkilos at/o may mataas na panganib sa pampublikong lugar.

Ang anumang karagdagang hakbang na hindi nabanggit sa listahan sa itaas ay dapat na ilista sa hiwalay na pahina.
Dapat itong ilakip ng mga lugar ng pagsamba sa dokumentong ito.

Maaari kang makipag-ugnayan sa sumusunod na tao para sa anumang mga katanungan o komento tungkol sa protokol na ito:

Pangalan ng Kontak ng Lugar ng Sambahan: _____

Numero ng telepono: _____

Petsa na Huling Nirebisa: _____